# Ang malalaking kasalanan ay ang pagtatambal kay Allāh, ang kasutilan sa mga magulang, ang pagpatay ng buhay, at ang panunumpang mapagpalublob."}

Ayon kay `Abdullāh bin `Amr bin Al-`Àṣṣ (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang malalaking kasalanan ay ang pagtatambal kay Allāh, ang kasutilan sa mga magulang, ang pagpatay ng buhay, at ang panunumpang mapagpalublob."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy]

Naglilinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang malalaki sa mga pagkakasala ay ang pinagbabantaan ang tagagawa ng mga ito ng isang matinding banta sa Mundo at Kabilang-buhay. UNA: Ang Pagtatambal kay Allāh. Ito ay ang pagbaling ng alinmang uri kabilang sa mga uri ng pagsamba sa iba pa kay Allāh at ang pagpapantay ng iba pa kay Allāh kay Allāh sa pagkadiyos Niya, pagkapanginoon Niya, at mga pangalan Niya at mga katangian Niya. IKALAWA: Ang Kasutilan sa mga Magulang. Ito ay ang bawat nag-oobliga ng perhuwisyo sa mga magulang sa salita man o sa gawa at ang pagwaksi ng paggawa ng maganda sa kanila. IKATLO: Ang Pagpatay ng Buhay. Ito ay kung walang katwiran, gaya ng pagpatay dala ng kawalang-katarungan at dala ng pangangaway. IKAAPAT: Ang Panunumpang Mapagpalublob. Ito ay ang panunumpa nang pasinungaling sa kabila ng kaalamang mula sa kanya hinggil sa kasinungalingan nito. Tinawag itong gayon dahil ito ay maglulublob sa tagagawa nito sa kasalanan o sa Apoy.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee